Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge

タガログ語版

# Minami no Kaze

Vol . 54
Jun. 2024

## Hello ! Kami ay Minami Citizens Activity･Multicultural Lounge(Minami Lounge)!

Minami Citizens Activity･Multicultural Lounge (Minami Lounge) ay lugar kung saan makakakuha ka ng impormasyon ng mga events, workshops at iba pa, lugar din ng konsultasyon para sa mga taong may iba-ibang pinanggalingan.

**Sumosuporta kami sa mga banyagang residente sa ibat-ibang lenguahi**

Halimbawa･･･

- Gusto kong komunsulta tungkol sa visa,batas,o edukasyon.
- Gusto kong matutong mag-Japanese!
- Nag-aalala ako sa buhay-eskuwela ng aking mga anak.
- Gusto kong magsalita at komunsulta sa salitang hindi Japanese.
- Nag-aalala ako sa mga kaugalian at alituntunin ng pamumuhay ng mga Hapon.
- At marami pang iba.

**Tawagan kami dito !**
**045-232-9544/045-242-0888**

## Magtanong sa Minami Lounge !

Oras ng Konsultasyon:
7 araw sa linggo
9:00〜17:00
Sarado: 3rd Lunes
Dec.29th-Jan 3rd.
Chinese: kada araw
English: Wednesday
Thai:Huwebes
Tagalog:Biyernes




※Kahit hindi araw ng iyong sariling wika, huwag mag-atubiling magtanong! Baka maaari kaming makatulong.

## Minami Lounge Multi-Language Bulletin



Kasalukuyan kaming nag – update ng aming bulletin sa iba't-ibang lenguahi.




Impormasyon sa iba't-ibang lenguahi ay nakapaskin ng ganito. (Nakasulat sa 3 lenguahi; Japanese, Chinese at English).
Maraming kawili-wiling impormasyon.
Halina tignan at suriin!







Ang gusali na kinaroroonan ng Minami Lounge ay nakatayo katabi ng Yokohama City University Medical Center.
Kami ay nasa 10th floor.

(Pagpunta)
Mga 3 min. lakad galing Minami Ward Office.
Mga 10 min. lakad galing Koganecho station (Keikyu line)
Mga 5min. lakad galing Bandobashi station (Yokohama Municipal Subway).

## Minami Lounge Official Instagram !

Minami_346 Search

Paki - follow ang aming Account!

## Bagong Member ng Minami Lounge



Hello, ako ay si Juri Inaba.
Nag-umpisa akong magtrabaho simula Abril bilang coordinator.
Lahat ay bago sa akin at nabibigyan ako nito ng enerhiya.
Gagawin ko ang lahat para makatulong , mapangiti at mag enjoy ang lahat sa kanilang life style.

Ang pangalan ko ayJunko Kamata.
Ikinagagalak ko kayong makilala.
Nagtuturo ako bilang Japanese language teacher sa loob ng 20 taon.Plano kong gumawa ng mga aktibidades na mag-eenjoy ang lahat. Masaya ako sa inyong pagbati pag nakita ninyo ako sa lounge.



# Programang Pagvolunteer Para sa may Lahing Banyaga na mga Estudyante

Interesado ka ba sa Minami Lounge summer volunteer program para sa mga batang mag-aaral. Maaari itong maging hindi makakalimutan na summer para sa iyo. Tuturuan namin kayo ng mga tips sa pagvolunteer at sa huli mararanasan nyo ang aktuwal na pagvolunteer sa elementary afterschool kids club. Ang programang ito ay kurso na 5 beses lamang at suportado ng Minami Lounge.



Volunteers introducing themselves



Children playing at the event
(2 pic. from 2023)

<Schedule>

1st day：July 23 (Tuesday) Pagpapakilala sa programa.
2nd day：July 30 (Tuesday) Magplano ng Event! Sama – sama tayong mag-isip
3rd day：August 6 (Tuesday) Preparasyon at Rehearsal
4th day：August 13 (Tuesday) Araw ng Event！(sa Minami-Yoshida Elementary afterschool kids club)
5th day：August 20 (Tuesday) Pagbabalik- tanaw

**Kung ikaw ay interesado …**

**Mag-apply ： July 12 (Biyernes)**

Mag-apply sa pamamagitan ng Email o Google forms
Isulat
①Pangalan ②Eskuwelahan③Grado④Tel. No

＜Minami Lounge＞
Tel：045-232-9544 Email: minami-kouza@yoke.or.jp

Google Forms Mag-apply dito





Si Mr. Bai nagtuturo ng martial arts sa mga eskuwelahan ng Minami Ward.

## Multicultural Volunteer ⑦

Bai Junshi（白　浚石）

Dumating ako dito sa Japan March 2023 galing Hebei Province, China. Ngayon, nag-aaral ako sa Keio University bilang master student. Hilig ko ang art, sports at piano.

Ipinakilala ako ng aking kaibigan sa Minami lounge at nagdesisyon akong magpa- register bilang multicultural volunteer.

Bilang volunteer, nagkaroon ako ng pagkakataon na ipakilala ang kulturang Chinese , suportahan ang mga bata sa eskuwelahan at magturo ng Chinese. Humanga ako sa mga estudyante sa lakas ng kanilang interes sa kulturang Chinese.

Sa pagboboluntaryo ng ibat-ibang aktibidades, ang aking Nihongo ay malaki ang ibinuti at nagkaroon ako ng mga bagong kaibigan.

Natulungan din akong masanay sa Hapon na pamumuhay.



**Building' s 20th Anniversary**

## 17th Urafune Noryosai

Urafune Noryosai ay gaganapin sa Agosto 25 (Lingo) 11:00-14:30. Maraming nakakatuwa na mga event tulad ng craft exhibition at pagbebenta, workshop, pagpapakilala ng mga aktibidades ng gusali.Meron din mga pagkaing ibebenta. Ang Minami lounge ay may planong gumawa ng exciting booth! Halina at bisitahin ang event!




**※Ang Minami lounge ay naghahanap ng mga volunteers na makakatulong sa amin sa pamamagitan ng kanilang lenguahi (lalo na ng salitang Nepali, Tagalog at Vietnamese.) at sa pagbabahagi din ng Kultura ng kanilang Inang Bayan.Kung kayo ay interesado, mangyari tumawag sa Minami Lounge!**

### Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge (Minami Lounge)


Urafune Fukugo Fukushi Shisetsu 10F, 3-46 Urafune-cho
Minami-ku, Yokohama 232-0024

①**Consultation Desk (Libri)** : Mon.-Sun. 9:00-17:00
(Sarado：Tuwing pangatlong Lunes ng buwan･ Dec.29 to Jan.3)
Tel.：（Japanese） 045-232-9544
（Foreign Language） 045-242-0888
※Tignan sa baba para sa mga lenguahi

② **Libring Konsultasyon**:
Batas(2nd Thurs), Visa (3rd Thurs) and Edukasyon (4th Thurs)
※ 13:30-, 14：30- (Appointment kailangan. Tel.045-242-0888)

【Mga lenguahi at araw】

| Monday | Tuesday | Wednesday | Thursday | Friday | Saturday | Sunday |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Chinese | Chinese | Chinese<br>English | Chinese<br>Thai | Chinese<br>Tagalog | Chinese | Chinese |




Minami Lounge URL
https://tabunka.minamilounge.com/

◀ Direction Map

★ Ang Minami Lounge ay pinamamahalaan ng YOKE sa pakikipagtulungan ng Minami Ward Office